



Jackson County Pamphlet para sa mga Botante sa Wikang Tagalog

Pangkalahatang Halalan sa Pamamagitan ng Koreo ng
Estado ng Oregon
Nobyembre 3, 2026

Sulat mula sa Kawani ng County

Mga Botante ng Jackson County:

Ang Pamplet para sa mga Botante ng Jackson County ay inilalathala upang ipaalam at turuan ang mga botante tungkol sa mga lokal na kandidato at panukala. Hindi kinakailangang isama ang mga kandidato sa pamplet para sa mga botante. Ang lahat ng kasamang pahayag tungkol sa kandidato at pahayag ukol sa panukalang-batas ay isinumite kasama ng bayad sa pag-file. Tanging mga naaangkop na kandidato at panukalang-batas lang para sa iyong presinto ang makikita sa iyong balota.

Ang Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026, tulad ng lahat ng halalan sa Estado ng Oregon, ay isasagawa sa pamamagitan ng koreo. Ipadadala ang mga balota para sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre 3 sa Jackson County simula sa Miyerkules, Oktubre 14.

Ang huling araw para magparehistro para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3 ay sa Martes, Oktubre 13, 2026. Naipadala ang pamplet na ito sa mga "address para sa koreo ng kawanihan ng koreo". Sa gayon, ang pagtanggap mo ng pamplet para sa mga botante ay hindi nangangahulugan na ikaw ay isang rehistradong botante. Ang mga botante na kasalukuyang rehistrado sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang tirahan o address para sa koreo o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago matapos ang oras ng pagtatrabaho sa Araw ng Halalan upang makaboto. **Ang mga balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay hindi puwedeng i-forward.** Kung kailangan mong magparehistro o i-update ang iyong rehistro, maaari mo itong gawin online sa oregonvotes.gov o maaari kang makahanap ng mga kard ng rehistrasyon ng botante sa iyong lokal na post office o sa aming website sa www.jacksoncountyor.gov sa ilalim ng mga halalan.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa katayuan ng iyong voter registration, pag-update ng iyong tirahan o address para sa koreo o sa proseso ng halalan sa pangkalahatan, mangyaring kontakin ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa 541-774-6148 o sa pamamagitan ng email sa elections@jacksoncountyor.gov. Kung nais ninyong personal na mag-rehistro o mag-update ng inyong kard ng rehistrasyon ng botante, matatagpuan kami sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.

Mahalaga ang mga Marka ng Koreo! Ang mga balotang natanggap mula sa Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service) pagkatapos ng araw ng halalan ay tatanggapin kung namarkahan ito ng koreo sa o bago ang araw ng halalan at natanggap pagsapit ng ika-7 araw pagkatapos ng halalan.

Ang mga balota ay dapat may marka ng koreo bago ang Nobyembre 3, 2026, kung ipadadala sa koreo, o ihulog sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota nang hindi lalampas sa 8 p.m., Nobyembre 3, 2026.



Kung hindi mo pa naipadala sa koreo ang iyong balota bago ang Martes, Oktubre 27, dapat mong isaalang-alang ang paggamit ng isang Opisyal na Drop Box ng Balota upang matiyak na matatanggap ang iyong balota sa tamang oras upang mabilang.

Nag-aalok ng Informed Delivery ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service). Sa sandaling mag-sign up, makatatanggap ka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa informedelivery.usps.com.

Taos-pusong sumasainyo,

Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)



Pagbabalik ng Iyong Balota at Mga Lokasyon ng Dropsite

Pagbabalik ng Iyong Balota

Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Nobyembre 3, 2026

Matapos bumoto sa iyong balota:

1. **Suriin** kung may mga pagkakamali sa iyong balota;
2. **Ilagay** ang iyong balota sa sobre para sa pagbalik ng balota;
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
4. **Lagdaan** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota.

Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:

1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang mamarkahan ito ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o
2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.



Mahalaga! Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang nilalagdaan mong sobre para sa pagbalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**

Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

Mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota

Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Nobyembre 3, 2026

Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Jackson County
(Simula Miyerkules, Oktubre 14, 2026)

Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)

1101 W. Main St., Suite 201

Medford, OR 97501

(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag)

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** at walk up na drop box ng balota ay bukas
24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)

Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

Ang mga drop box ng balota **sa loob** ng tanggapan para sa
Pangangasiwa ng Halalan ay bukas mula 8 a.m. hanggang 4 p.m., Lunes - Biyernes,
sarado mula 11:45 a.m. hanggang 1 p.m.

(Bukas mula 7 a.m. - 8 p.m. sa Araw ng Halalan)

Aklatan ng Ashland (Ashland Library)

410 Siskiyou Blvd.

Ashland, OR 97520

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita
mula sa Gresham St. malapit sa book drop)

Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

Aklatan ng Central Point (Central Point Library)

116 S. 3rd St.

Central Point, OR 97502

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw
(timog na bahagi ng gusali ng aklatan, pangunahing pasukan)

Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan



Aklatan ng Eagle Point (Eagle Point Library)

239 W. Main St.
Eagle Point, OR 97524

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

Aklatan ng Medford (Medford Library)

205 S. Central Ave
Medford, OR 97501

Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan ng parking lot mula sa 10th St.)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

Aklatan ng Phoenix (Phoenix Library)

510 W. 1st St.
Phoenix, OR 97535

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan

Aklatan ng Rogue River (Rogue River Library)

412 E. Main St.
Rogue River, OR 97537

Ang **walk up** na drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)
Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan



Mga Tagubilin sa Pagboto

Ang impormasyong ito ay inilagay sa pamplet para sa mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa pagmamarka ng kanilang balota.

Punan ang Bilog



Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto:

- Gumamit ng asul o itim na panulat.
- Ganap na punan ang bilog.
- Huwag maglagay ng tsek.
- Huwag magmarka ng X.

Kandidato o Panukalang-Batas



- Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

Pagsasama ng Pangalan



- Para isama ang isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa write-in (pagsasama ng pangalan) at isulat ang pangalan sa linya.



Kulang sa Bilang ng Boto



- Kung hindi ka bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, ito ay tinatawag na kulang sa bilang ng boto.
- Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa labanan o panukalang-batas.
- Hindi ninyo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya sa halalan. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.


Bumoto ng Labis

(Bumoto ng Isa)



- Kung bumoto ka ng mahigit sa isang kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung pareho mong binoto ang Yes (Oo) at No (Hindi) sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto ng labis.
- Hindi mabibilang ang isang boto para sa labanan o panukalang-batas na bumoto ka ng labis, maliban kung itama mo ito.
- Maaari mong itama ang isang pagboto ng labis sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "Paano Itama ang Isang Pagkakamali".

Paano Itama ang Isang Pagkakamali



- Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.
- Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.



- Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.
- May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 541-774-6148 para humiling ng pamalit na balota kung: nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Patahan at Limitasyon: Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampolitika na binigay ng kawani ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. At, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung sila ay isang pinaglilingkuran ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)



Impormasyon sa Pagsasama ng Pangalan

Ang mga botante sa Oregon ay may opsyon na magsama ng pangalan ng isang kandidato para sa anumang katungkulan sa halip na bumoto sa isang kandidatong nakalathala sa balota. Ang mga write-in vote ay binibilang nang magkakasama na may nakatalang kabuuang halaga para sa bawat posisyon, maliban na lang kung walang kandidato sa balota o kaya ay lumampas sa kandidatong may pinakamaraming boto ang kabuuang bilang ng mga write-in vote. Ang mga resulta ng write-in ay magiging makukuha kapag na-certify na ang mga resulta ng halalan sa Jackson County na nakatakda sa Nobyembre 30, 2026.



Impormasyon sa Pagpaparehistro ng Botante

Mag-rehistro/Mag-update Online

Bisitahin ang oregonvotes.gov upang magparehistro para makaboto online. Kung rehistrado ka na para makaboto, bisitahin ang oregonvotes.gov/myvote upang suriin ang iyong rehistro at i-update kung kinakailangan.

Magparehistro/Mag-update sa Pamamagitan ng Koreo o nang Personal

Ang mga form ng pagpaparehistro ay makukuha online sa oregonvotes.gov o sa Halalan ng Jackson County (Jackson County Elections), 1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501.

Pag-rehistro para Makaboto:

Upang makaboto sa Oregon kailangan mong maging rehistrado sa county kung saan ka nakatira. Maaari kang mag-rehistro kung makasagot ka ng oo sa tatlong tanong na ito:

1) Ikaw ba ay residente ng Oregon? 2) Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.? 3) Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang? *Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

Paano mag-rehistro:

Maaari kang mag-rehistro online para makaboto sa oregonvotes.gov o maaari kang makakuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

1) anumang tanggapan para sa halalang pang-county. 2) ang tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State). 3) ilang ahensya ng estado tulad ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan. 4) isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante. Maaari mong punan ang kard nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US (US Mail). Maaari ka ring mag-print ng kard ng rehistrasyon online sa oregonvotes.gov.

Pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante:

Kapag rehistrado ka na, tungkulin mong panatilihin ang pinakabago ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa oregonvotes.gov o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbalik ng kard ng rehistrasyon ng botante na nakalagay ang bagong impormasyon. Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod: 1) babaguhin ang address ng iyong tirahan. 2) babaguhin ang iyong address para sa koreo. 3) babaguhin ang iyong pangalan.



- 4) babaguhin ang iyong lagda. 5) gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika.
6) babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan.

Mahalagang Deadline!

Ang huling araw para sa pagrerehistro para makaboto ay sa **Martes, Oktubre 13.**

Pumunta sa oregonvotes.gov/myvote para;

- I-tsek ang iyong rehistrasyon;
- I-update ang iyong rehistrasyon; o
- Magparehistro para makaboto.

Maaari mo ring puntahan ang Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 1101 W Main St, Suite 201, Medford, OR 97501 para sa iyong mga pangangailangan sa rehistrasyon ng botante.

Pagsubaybay sa Iyong Balota!

Nag-aalok ng Informed Delivery ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service). Sa sandaling mag-sign up, makatatanggap ka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa informedelivery.usps.com.

Upang matukoy kung ang iyong balota ay natanggap ng iyong opisyal ng halalang pang-county, mangyaring pumunta sa oregonvotes.gov/myvote kung saan maaari mong subaybayan ang iyong balota.



Panukalang-Batas 15-243

Lungsod ng Ashland (City of Ashland)

Nangangailangan ng Pag-apruba ng Botante para sa Bago o Tumaas na Bayarin o Buwis.

TANONG:

Dapat bang amyendahan ang Karta ng Ashland upang mangailangan ng pag-apruba ng botante para sa Bayarin o Buwis sa Singil sa Serbisyong Pampubliko ng Lungsod ng Ashland (City of Ashland)?

BUOD:

Ang botong "Yes" (Oo) ay nag-aamyenda sa Karta ng Ashland, Artikulo IX, Mga Espesyal na Kapangyarihan ng Konseho, tulad ng sumusunod: Seksyon 8: Mga Bayarin at Buwis: Maaaring magmungkahi ang Konseho ng Lungsod ng mga bagong bayarin, buwis, o pagtataas ng mga umiiral na bayarin o buwis sa isang bayarin sa serbisyong pampubliko na walang kaugnayan sa pagpapatakbo ng mga serbisyong pampubliko. Sa kabila ng anumang iba pang probisyon, walang ganoong bayarin, buwis, o pagtaas, ang itatasa, ipapataw, o kokolektahin sa isang bayarin sa serbisyong pampubliko hanggang sa makalipas ang hindi bababa sa tatlong (30) araw kasunod ng isang positibong boto ng mga botante ng Ashland upang pagtibayin ito sa susunod na regular na nakatakdang halalan. Hindi kasama ang mga buwis at bayarin sa Estado at Pederal. Ang mga bayarin sa prangkisa, mga pagtaas upang sumunod sa mga minimum na itinakda ng Estado, at mga pagtaas na inaayos para sa implasyon na hindi lumalampas sa CPI-West, ay hindi kasama.

Ang panukalang-batas na pinasimulan ng mamamayan ay mangangailangan ng pag-apruba ng botante bago maipatupad ng Lungsod ang mga bago o tumaas na bayarin o buwis sa singil sa serbisyong pampubliko na walang kaugnayan sa mga operasyon ng serbisyong pampubliko. Maaaring maantala ng panukala at maapektuhan ang oras at/o pagbibigay ng mga serbisyo ng Lungsod. Ang mga praktikal o pinansyal na epekto ng mga pagkaantala ay hindi nasuri o nadetalye.

Ang botong "No" (Hindi) ay nagpapanatili sa kasalukuyang wika ng Karta ng Ashland.

Pagpapaliwanag na Pahayag:

Amyendahan ng panukalang-batas na ito ang Karta ng Lungsod ng Ashland upang hilingin ang pag-apruba ng botante bago magpataw ang Lungsod ng mga bagong bayarin o buwis, o magtaas ng mga kasalukuyang bayarin o buwis, sa isang singil sa serbisyong pampubliko ng Lungsod. Sa ilalim ng kasalukuyang wika ng Karta, maaaring magpatibay ang Konseho ng Lungsod ng Ashland ng mga bagong bayarin o buwis, o magtaas ng mga pangkasalukuyan, at ilagay ang mga ito sa mga singil sa serbisyong



Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Jackson County

pampubliko ng mga residente nang walang pampublikong boto.

Ang panukalang-batas ay hindi ilalapat sa mga buwis o bayarin ng estado o pederal. Hindi rin ito ilalapat sa mga bayarin sa prangkisa, mga pagtaas na kinakailangan upang sumunod sa mga minimum na kinakailangan ng estado, mga bayarin na nauugnay sa operasyon ng mismong serbisyong pampubliko, o mga pagtaas para sa implasyon na hindi lumalampas sa Indeks ng Presyo ng Mamimili para sa kanlurang United States (Consumer Price Index for the western United States CPI-West).

Kung aaprubahan, hihilingin ng panukalang-batas na ito na ang anumang naturang bago o tumaas na bayarin o buwis sa singil sa serbisyong pampubliko ay unang aprubahan ng mga botante ng Ashland sa susunod na regular na nakatakdang halalan bago ito matataya, maipapataw, o makokolekta. Kapag pinagtibay na ng mga botante ang bayarin o buwis, aatasan ang Lungsod na maghintay ng hindi bababa sa tatlong (30) araw kasunod ng botong iyon bago ito magkabisa.

Babaguhin ng panukalang-batas ang kasalukuyang awtoridad ng Lungsod sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kinakailangang pag-apruba ng botante para sa mga tinukoy na bayarin at buwis. Sa kasalukuyan, hindi naglalaman ang Karta ng Ashland ng ipinapanukalang kinakailangang ito.

Ang paghiling ng pag-apruba ng botante ay maaaring makaapekto sa oras ng kita at mga serbisyo ng Lungsod kapag ang isang ipinapanukalang bayarin o buwis ay nangangailangan ng pag-apruba ng botante. Dahil ang pag-apruba ay magaganap lamang sa isang regular na nakatakdang halalan, ang pagpapatupad ng isang ipinapanukalang bayarin o buwis ay maaaring mapaliban hanggang pagkatapos ng isang halalan at ang kinakailangang 30-araw na panahon. Depende sa mga pagkakataon, ang mga naturang pagkaantala ay maaaring makaapekto sa oras o pagbibigay ng mga serbisyo ng Lungsod na umaasa sa naturang kita.

Ang panukalang-batas mismo ay hindi nagtataguyod ng isang bagong bayarin o buwis, nagtataas ng pangkasalukuyang bayarin o buwis, o nagtutukoy ng isang partikular na serbisyo o programa ng Lungsod na popondohan ng isang bayarin o buwis. Ang anumang hinaharap na bayarin o buwis na sakop ng panukalang-batas ay mangangailangan ng hiwalay na aksyon ng Konseho ng Lungsod at, sa ilalim ng ipinapanukalang amyenda sa Karta, ng pag-apruba ng botante. Maaaring maantala ng panukala at maapektuhan ang oras at/o pagbibigay ng mga serbisyo ng Lungsod. Ang mga praktikal o pinansyal na epekto ng mga pagkaantala ay hindi nasuri o nadetalye.

Ang **Yes (Oo)** na boto ay mag-aamyenda sa Karta ng Ashland upang mangailangan ng pag-apruba ng botante sa mga tinukoy na bago o tumaas na bayarin o buwis sa singil sa serbisyong pampubliko bago maipatupad ang mga ito.

Ang **No (Hindi)** na boto ay mag-iiwan sa kasalukuyang wika ng Karta ng Ashland nang walang pagbabago.



Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Jackson County

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Lungsod ng Ashland (City of Ashland))

Panukalang-Batas 15-244

Distrito ng Pagsugpo sa mga Tagapagdala ng Sakit ng County ng Jackson (Jackson County Vector Control District)

Limang-Taong Lokal na Opsyon sa Pagpapataw ng Buwis para sa Pagsugpo sa mga Tagapagdala ng Sakit (Lamok, Langaw)

TANONG:

Dapat bang magpataw ang Distrito ng limang-taong ipinataw na buwis para sa pagpapatakbo na \$0.05/\$1,000 ng nasuring halaga, simula sa Taong Piskal 2027-28? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit sa tatlong porsyento.

BUOD:

Pinahihintulutan ng panukalang-batas na ito ang Distrito ng Pagsugpo sa mga Tagapagdala ng Sakit ng County ng Jackson (Jackson County Vector Control District) na magpataw ng bagong lokal na opsyon sa pagpapataw ng buwis upang suportahan ang mga operasyon sa Jackson County, kabilang ang:

- Pagpapataas ng pagsubaybay at pag-iwas sa mga sakit na dulot ng lamok at garapata;
- Pagpapataas sa pagbabantay at pagsugpo sa mga kiti-kiti at adultong lamok, langaw, at garapata sa County ng Jackson;
- Pagdaragdag ng karagdagang buong-panahong Technician sa Laboratoryo/Pagsubaybay;
- Pagpopondo sa pagpapanatili ng mga sasakyan at kagamitan; at
- Pagpapalawak ng pakikipag-ugnayan at edukasyon sa publiko.

Naglilingkod ang Distrito sa populasyon na higit sa 200,000 sa isang nasasakupang lugar na 2,802 milyang kuwadrado.

Para sa isang tahanan na may nasuring halaga na \$300,000, ang ipinataw na buwis ay nagreresulta sa tinatayang buwis na \$15.00 bawat taon.

Tinatayang makakalikom ang ipinataw na buwis ng mga sumusunod na halaga: Taong Piskal 2027-28 - \$1,474,188; Taong Piskal 2028-29 - \$1,518,413; Taong Piskal 2029-30 - \$1,563,965; Taong Piskal 2030-31 - \$1,610,844; Taong Piskal 2031-32 - \$1,659,251; para sa limang taong kabuuan na \$7,826,661



Ang tinatayang halaga ng buwis sa panukalang-batas na ito ay PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, pagbabawas ng buwis sa ari-arian, at rate ng koleksyon.

Pagpapaliwanag na Pahayag:

Ang Distrito ng Pagsugpo sa mga Tagapagdala ng Sakit ng County ng Jackson (Jackson County Vector Control District "JCVCD") ay may pananagutan sa pagsubaybay sa mga tagapagdala ng sakit (pangunahin ang mga lamok, langaw, at garapata), at sa pagpapatupad ng mga hakbang upang masugpo ang mga ito.

Ang JCVCD ay isang lokal na entidad ng pamahalaan na pinangangasiwaan ng isang boluntaryong lupon. Naglilingkod ito sa populasyon na higit sa 200,000 sa isang nasasakupang lugar na 2,802 milyang kuwadrado. Karamihan sa pondo ng JCVCD ay nagmumula sa mga buwis sa ari-arian na ipinapataw sa mga tunay na ari-arian sa County ng Jackson.

Ang kasalukuyang permanenteng rate ng buwis ng JCVCD ay \$0.04 bawat \$1,000 ng nasuring halaga. Ang iminumungkahing panukalang-batas, kung maaprubahan, ay magpapahintulot sa JCVCD na magpataw ng karagdagang lokal na opsyon sa pagpapataw ng buwis na \$0.05 bawat \$1,000 ng nasuring halaga sa loob ng limang taon.

May ilang mga salik na nag-uudyok sa JCVCD na humiling ng pag-apruba sa ipinataw na buwis, kabilang ang:

- Tumaas na halaga ng makabagong kagamitan para sa pagsubaybay at pagkontrol ng mga lamok, gaya ng mga drone para sa pagsubaybay at paggamot sa mga lugar na mahirap puntahan
- Pagpapalawak ng mga lugar na pinaglilingkuran at pagdami ng mga kahilingan para sa serbisyong pampubliko dahil sa paglaki ng populasyon at mga pagbabagong dulot ng klima sa tirahan ng mga lamok
- Pangangailangan para sa karagdagang pagsubaybay sa mga mapaminsalang banyagang uri tulad ng *Aedes aegypti*, isang lamok na maaaring magpasa ng mga sakit gaya ng dengue at Zika virus, at natagpuan sa County ng Jackson sa nakalipas na dalawang taon
- Ang pangangailangan para sa karagdagang permanenteng kawani upang palakasin ang mga operasyon sa pagsusuri at pagsugpo
- Ang pagnanais na magbigay ng karagdagang mga gawad sa komunidad para sa mga programa sa pagbabawas ng mga lamok sa bakuran



Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Jackson County

- Ang kakayahang i-upgrade ang mga pasilidad ng lab upang mapataas ang pagsusuri sa sample at pagtuklas ng virus

Gagamitin ang karagdagang pondo upang suportahan ang mga operasyon sa pagsugpo sa mga tagapagdala ng sakit sa County ng Jackson, kabilang ang:

- Pagsasagawa ng pagsubaybay sa mga populasyon ng lamok at garapata sa buong County
- Pagpapatupad ng maraming pamamaraan para sa pagsugpo sa mga kiti-kiti at malalaking lamok
- Pagsasagawa ng pagsusuri sa sakit ng mga lamok at garapata, hal., West Nile virus at Lyme disease
- Pagsasagawa ng mga pagbisita sa lugar at pagbibigay ng teknikal na payo sa mga may-ari ng lupa na nahaharap sa suliranin sa lamok
- Pagsasagawa ng mga programa sa pagtatapon ng gulong upang bawasan ang tirahan kung saan nangingitlog ang mga lamok
- Pagbibigay ng mga Mosquitofish para sa mga artipisyal na pinagmumulan ng tubig
- Pagbibigay ng mga kagamitan sa pagsugpo ng daga at langaw
- Pagsasagawa ng pakikipag-ugnayan sa, at paggawa ng mga presentasyon para sa, sa mga silid-aralan at mga interesadong grupo

Sa kasalukuyan, ang isang tahanan na may nasuring halaga na \$300,000 ay nagbabayad ng humigit-kumulang \$12 bawat taon para sa mga serbisyo ng JCVCD. Kung maaprubahan ang lokal na opsyon sa pagpapataw ng buwis, ang isang tahanan na may parehong halaga ay magbabayad ng tinatayang karagdagang buwis na \$15 bawat taon.

(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Distrito ng Pagsugpo sa mga Tagapagdala ng Sakit ng County ng Jackson (Jackson County Vector Control District))